| | | ***Technology Integration*** |
|---|---|---|
| **PANGALAN** | Delos Reyes, Anna Kristine M. | |
| **PAMAGAT** | Banghay Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao<br>Baitang 10<br>Unang Markahan | |
| **MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO** | 3.1 Naipaliliwanag ang tunay na kahulugan ng kalayaan<br>3.2 Natutukoy ang mga pasya at kilos na tumutugon sa tunay na gamit ng kalayaan<br>3.3 Napatutunayan na ang tunay na kalayaan ay ang kakayahang tumugon sa tawag ng pagmamahal at paglilingkod<br>3.4 Nakagagawa ng angkop na kilos upang maisabuhay ang paggamit ng tunay na kalayaan: tumutugon sa tawag ng pagmamahal at paglilingkod | |
| **MGA LAYUNIN** | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>PANGKABATIRAN:<br>• Nakapili ng angking negatibong katangian na nakahadlang sa paggamit ng tunay na kalayaan<br>PANGDAMDAMIN:<br>• Naitala ang mga nararapat gawin upang malampasan ang negatibong katangiang ito<br>SAYKOMOTOR:<br>• Naitala ang karanasan sa mga sitwasyon o pagkakataon na ginamit ang tunay na kalayaan | |
| **PAKSA** | Ang Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan | |
| **PAGPAPAHALAGA** | Kalayaan | |
| **MGA SANGGUNIAN** | • Brizuela, MJ, Arnedo, JS, Guevarra, GA (2015) Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul Para sa Mag-Aaral | |

| | | |
|---|---|---|
| | • K-12 Gabay Pang-kurikulum Edukasyon sa Pagpapakatao | |
| **MGA KAGAMITAN** | • Laptop<br>• Projector<br>• Internet<br>• White Board Marker<br>• Whiteboard | |
| **GAWAIN** | Noong nasa Baitang 7 ka, naipaliwanag sa iyo na ikaw ay natatangi sa ibang nilikha dahil sa taglay mong isip at kilos-loob. May kakayahan kang gumawa ng pagpapasiya para sa sarili. Upang magamit ang iyong isip at kilos-loob sa pagpapaunlad ng iyong pagkatao, ipinagkaloob din sa iyo ang kalayaan.<br><br>**PANUTO:** Sa pagkakataong ito, balikan mo ang mga kaisipan at konsepto na natanim sa iyo tungkol sa kahulugan ng kalayaan. Gamit ang Coggle It na application, aatasan ng guro ang mga mag-aaral na gumawa ng mind-map patungkol sa Kalayaan.<br><br>Narito ang link ng Coggle It sa ibaba:<br>https://coggle.it/ | Coggle It |
| **PAGSUSURI** | **PANUTO:** Aatasan ng guro ang mga mag-aaral na sagutin ang mga tanong gamit ang *application* na Flashcard Machine. Aatasan sila na gumawa muna ng account upang makapasok sa website na ito.<br>Narito ang link: https://flashcardmachine.com<br><br>1. Ano ang iyong natuklasan sa natapos na gawain? Ipaliwanag.<br>2. Sa iyong palagay, saan patungo ang ganitong mga kaisipan (tama at mali) tungkol sa kalayaan?<br>3. Para sa iyo, ano ang tunay na kahulugan ng kalayaan? | Flashcard Machine |
| **PAGPAPALALIM** | Ang Canva Presentation ang gagamiting application ng guro sa pagtuturo ng Kalayaan sa mga mag-aaral.<br><br>Kalayaan- Ito ay karaniwang gumigising sa puso ng bawat tao. Ipinaglalaban ng bawat tao ang kaniyang karapatang mabuhay at magpasiya ayon sa kaniyang nais, sa pangangatuwirang walang panlabas na hadlang na sisirain sa paggawa niya nito.<br><br>Narito ang paliwanag ni Johann sa dalawang | Canva (Presentation) |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>pakahulugan sa pananagutan na nakaaapekto sa ideya ng kalayaan:
<ol>
<li>Kakabit ng pananagutan ang kakayahan ng taong tumutugon sa obhektibong tawag ng pagangailangan ng sitwasyon.</li>
<li>Hindi tunay na Malaya ang tao kapag hindi niya Makita ang lampas sa kaniyang sarili, kapag wala siyang pakialam sa nakapalibot sa kaniya, kapag wala siyang kakayahang magmalasakit nang tunay at kapag siya ay nakakulong sa pansarili lamang niyang interes.</li>
<li>Kung ang pagiging mapanagutan ay hindi makapagbibigay sa akin ng kakayang ipaliwanag ang aking kilos, gayundin ang pagkakaroon ng malayang kilos-loob, hindi masisigurong ako ay totoong malaya.</li>
</ol>
Mula sa mga naunang paliwanag, makikitang may dalawang aspekto ng kalayaan: ang kalayaan mula sa (freedon from) at kalayaan para sa (freedom for)
<ol>
<li>Kalayaan mula sa (freedom from). Karaniwang binibigyang katuturan ang kalayaan bilang kawalan ng hadlang sa labas ng tao sa pagkamit ng kaniyang ninanais. Sa ganitong pag-unawa ng kalayaan, masasabing malaya ang tao kapag walang nakahahadlang sa kaniya upang kumilos o gumawa ng mga bagay-bagay.</li>
<li>Kalayaan para sa (freedom for). Ang tunay na kalayaan ayon kay Johann ay ang Makita ang kapuwa at mailagay siyang una bago ang sarili. Kung malaya ang tao mula sa pagiging makasarili at maiwasang gawaing sentro ng kaniyang buhay ang kaniyang sarili lamang, magkakaroon ng puwang ang kaniyang kapuwa sa buhay niya.</li>
</ol>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>PAGLALAPAT</td>
<td>PANUTO: Sa pagkakataong ito ay napatunayan mo na ang tunay na kahulugan ng kalayaan, at ito ay ang kakayahang magmahal at maglingkod. Ngayon, balikan at suriin mo naman ang iyong mga naging pasiya at kilos nitong mga nagdaang araw. Isa-isahin mo ang negatibong katangiang naipamalas mo na maaaring naging hadlang sa iyong paggamit ng tunay na kalayaan. Aatasan ng guro ang mga mag-aaral na gumawa ng organizational chart sa Lucid Chart. Sila ay aatasan na gumawa ng account upang makapasok sa website na ito.</td>
<td>Lucid Chart</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Narito ang link:<br>https://lucidchart.com | |
| **PAGSUSULIT** | Pagsusulit na may Pagpipilian: Sa pagsusulit na ito, aatasan ng guro ang mga mag-aaral na mag-install ng application na Quiz Maker sa kanilang mga cellphones. Kailangan nilang buksan ang kanilang Bluetooth upang makakonekta sa kanilang guro.<br><br>1. Ito ay ang paggawa ng isang bagay na nais niyang gawin o ang karapatang sabihin ang anumang bagay na nais niyang sabihin.<br>a. Kalayaan<br>b. Karunungan<br>c. Katalinuhan<br>d. Katapatan<br><br>2. Ito ay nagsasabing malaya ang tao kapag walang nakakahadlang sa kaniya upang kumilos o gumawa ng mga bagay-bagay.<br>a. Freedom to<br>b. Freedom for<br>c. Freedom from<br>d. Freedom within<br><br>3. Ito ay nagpapatungkol na kung malaya ang tao mula sa pagiging makasarili at maiwasang gawing sentro ng kaniyang buhay ang kaniyang sarili lamang, magkakaroon ng puwang ang kaniyang kapuwa sa buhay niya.<br>a. Freedom to<br>b. Freedom for<br>c. Freedom from<br>d. Freedom within<br><br>4. Ito ay tumutukoy sa pagpili sa kung ano ang tingin ng taong makabubuti sa kaniya.<br>a. Fundamental Option ng Pagmamahal<br>b. Fundamental Option ng Pagkamakasarili<br>c. Antecedent Choice<br>d. Horizontal Freedom<br><br>5. Ito ay nakabatay sa uri o istilo ng pamumuhay na pinili ng isang tao.<br>a. Fundamental Option ng Pagmamahal | Quiz Maker |

| | | |
|---|---|---|
| | b. Fundamental Option ng Pagkamakasarili<br>c. Antecedent Choice<br>d. Horizontal Freedom<br><br>Mga Sagot:<br>1. A<br>2. C<br>3. B<br>4. D<br>5. C | |
| | Pagsusulit na ginagamitan ng Pagpapaliwanag: Aatasan ng guro ang mga mag-aaral na gumawa ng account sa Microsoft Sway upang ilagay dito ang kanilang repleksiyong nakuha mula sa Aralin. Maaari silang maglagay ng larawan na nakakonekta sa nasabing paksa. Ang nasabing website ay makikita sa link na ito: https://sway.office.com<br><br>1. Ano ang iyong naramdaman nang balikan at suriin mo ang pagpapasiya at pagkilos na isinagawa mo ng mga nagdaang araw?<br>2. Ano-ano ang iyong natuklasan sa pagtala mo ng iyong mga pasiya at kilos na nagpakita ng mga negatibong katangian?<br>3. Ano ang nakahadlang sa paggamit mo ng iyong kalayaan sa mapanagutang paraan?<br>4. Bilang isang kabataan, paano mo magagamit nang mapanagutan ang kalayaan na ipinagkaloob sayo? | Microsoft Sway |
| **TAKDANG ARALIN** | **PANUTO:** Aatasan ng guro ang mga mag-aaral na gumawa ng account sa Penzu at pagkatapos nito ay sasagutan nila ang mga tanong na nasa ibaba:<br><br>1. Ano ang karaniwang katuturan ng kalayaan?<br>2. Ano ang responsibilidad o pananagutan?<br>3. Paano nauugnay ang kalayaan sa pananagutan?<br><br>Narito ang link ng Story Jumper:<br>https://www.penzu.com/ | Penzu |